Republic of the Philippines
**HOUSE OF REPRESENTATIVES**
Quezon City, Metro Manila

**Twentieth Congress**
First Regular Session

HOUSE OF REPRESENTATIVES
RECEIVED
DATE 01 JUL 2025
TIME 6:00PM
BY JONAH
BILLS AND INDEX SERVICE

HOUSE BILL NO. 1020

---

Introduced by **MAGBUBUKID PARTY-LIST Representative FERDINAND "B1" L. BELTRAN**

---

## EXPLANATORY NOTE

Ang pagbibigay-proteksyon sa mga lokal na magbubukid ay isang tungkuling inaatas mismo ng ating Konstitusyon. Sa ilalim ng Artikulo XII, Seksyon 5 ng 1987 Konstitusyon, kinikilala ng Estado ang tungkulin nitong protektahan at paunlarin ang mga magbubukid at mangingisda upang matiyak ang kanilang kaginhawahan at ang seguridad sa pagkain ng bansa. Isa ring mahalagang prinsipyo ng pambansang patakaran ang self-sufficiency at food security, na lalong nalalagay sa panganib sa patuloy na liberalisasyon ng sektor ng bigas.

Ang bigas ay nananatiling pangunahing pagkain ng bawat pamilyang Pilipino. Subalit sa kabila ng kahalagahan nito, patuloy na nagdurusa ang sektor ng palay at ang ating mga magbubukid bunsod ng mga patakarang higit na pumapabor sa liberalisasyon ng agrikultura kaysa sa kapakanan ng lokal na produksyon. Isa na rito ang pagpapatupad ng Republic Act No. 11203 o ang Rice Tariffication Law na nagtanggal sa monopolyo ng pamahalaan sa pag-aangkat ng bigas at nagbigay-daan sa malayang pagpasok ng imported rice kapalit ng pagbabayad ng buwis.

Ang layunin ng batas ay pababain ang presyo ng bigas at matiyak ang sapat na suplay nito sa bansa. Gayunman, sa halip na magdulot ng ginhawa sa mamimili, higit itong naging pabigat sa ating mga magbubukid. Sa pagdagsa ng murang bigas mula sa ibang bansa, lalo na mula sa Vietnam at Thailand, hindi na kayang makipagsabayan ng lokal na palay sa presyo. Maraming magbubukid ang napilitang ibenta ang kanilang ani sa presyong mas mababa pa sa kanilang gastos sa produksyon, dahilan upang sila'y malubog sa utang, tumigil sa pagsasaka, o tuluyang iwan ang kanilang lupang sinasaka.

Bukod pa rito, ang pagbuwag sa regulatory powers ng National Food Authority (NFA) sa ilalim ng batas ay nagdulot ng kawalan ng price stabilization mechanism para sa palay at bigas. Nawalan ng direktang buyer ang mga magbubukid sa gobyerno na dati'y siyang nagsisilbing "last resort" buyer sa mas mataas na support price. Dahil dito, nalagay ang kapalaran ng industriya ng bigas sa kamay ng malalaking rice importers at traders. Samakatuwid, ang Rice Tariffication Law ay hindi lamang nagbunsod ng krisis sa kabuhayan ng mga magbubukid, kundi rin sa ating food security bilang isang bansa na ngayon ay lubos na umaasa sa imported na bigas.

Dahil dito, ang panukalang ito ay naglalayong pawalang-bisa ang Republic Act No. 11203 at ibalik ang mga pangunahing tungkulin ng NFA bilang tagapangalaga ng buffer stock, market stabilizer, at direktang buyer ng lokal na palay. Kalakip din ng panukala ang pagbuo ng isang transitional fund para sa agarang tulong sa mga magbubukid, pagpapaigting ng price monitoring, at mas istriktong regulasyon sa importasyon ng bigas batay sa pambansang pangangailangan.

Ang pagrepaso sa Rice Tariffication Law ay hindi hakbang paurong kundi pagbawi sa isang maling polisiya. Panahon na upang muling igiit ng pamahalaan ang kanyang tungkulin bilang tagapangalaga ng ating mga magbubukid, ng ating pagkain, at ng ating kinabukasan bilang isang bansang agraryo.

Para sa kapakanan ng mamamayan at Pilipinong magbubukid, ang panukalang ito ay agarang inihahain.

*Para sa sambayanang Pilipino,*

**HON. FERDINAND "BT" L. BELTRAN**
*Kinatawan,* MAGBUBUKID Party-List

Republic of the Philippines
**HOUSE OF REPRESENTATIVES**
Quezon City, Metro Manila

**Twentieth Congress**
First Regular Session

HOUSE BILL NO. 1020

---

Introduced by **MAGBUBUKID PARTY-LIST Representative FERDINAND "B1" L. BELTRAN**

---

**AN ACT**
**REPEALING REPUBLIC ACT NO. 11203, OTHERWISE KNOWN AS THE "RICE TARIFFICATION LAW," AND FOR OTHER PURPOSES**

*Be it enacted by the Senate and House of Representatives of the Philippines in Congress assembled:*

**SEC. 1. Repeal of Republic Act No. 11203.** —Republic Act No. 11203, otherwise known as the "Rice Tariffication Law," including all its amendments, implementing rules and regulations, and related issuances, is hereby repealed in its entirety.

**SEC. 2. Restoration of the National Food Authority (NFA) Mandate. —**

(a) The regulatory and import-licensing functions, buffer-stocking mandate, and domestic market stabilization powers of the National Food Authority under Presidential Decree No. 4, as amended, are hereby reinstated.
(b) Within sixty (60) days from the effectivity of this Act, the NFA, in coordination with the Department of Agriculture (DA), shall promulgate interim guidelines to resume said functions while permanent rules are being formulated.

**SEC. 3. Establishment of a Transitional Rice Fund. —**
(a) A Transitional Rice Fund (TRF) is hereby created, with an initial appropriation of **₱15 billion**, to be sourced from the unutilized balances of the Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) and other available appropriations.

(b) The TRF shall finance:

1. Expanded palay procurement by the NFA at regionally adjusted support prices;
2. Subsidized credit, crop insurance, and mechanization programs for smallholder rice farmers;
3. Post-harvest facilities, irrigation rehabilitation, and climate-resilient infrastructure; and
4. Rice price stabilization measures to protect consumers, especially low-income households.

**SEC. 4. Trade Policy during Transition. —**

(a) All rice importation, whether public or private, shall require a permit from the NFA. Import volumes shall be calibrated based on projected domestic production, buffer-stock requirements, and food security objectives.
(b) In the absence of a duly issued NFA permit, the Bureau of Customs (BOC) shall deny clearance to any rice shipment.
(c) Customs duties and tariffs collected on rice imports during the transition shall accrue to the TRF.

**SEC. 5. Appropriations.** — The amounts necessary for the initial implementation of this Act shall be charged against the current year's appropriations of the DA, NFA, and other concerned agencies. Thereafter, such sums as may be necessary shall be included in the annual General Appropriations Act.

**SEC. 6. Separability Clause.** — If any provision of this Act is declared unconstitutional or invalid, the remaining provisions not affected thereby shall remain in full force and effect.

**SEC. 7. Repealing Clause.** — All laws, presidential decrees, executive orders, rules, and regulations, or parts thereof, inconsistent with the provisions of this Act are hereby repealed or modified accordingly.

**SEC. 8. Effectivity.** — This Act shall take effect fifteen (15) days after its complete publication in the *Official Gazette* or in at least two (2) newspapers of general circulation.

Approved,